

Natanggap mo ang email na ito dahil dati ka nang nag-sign up para sa, o nagpahayag ng interes sa, patuloy na mga inisyatibo sa pakikibahagi sa komunidad na pinangungunahan ng Distrito ng Hangin.

Nagkakaproblema sa pagtingin sa email na ito? [Tingnan online.](#)
Mangyaring huwag sumagot sa email na ito.

Tulong sa: [Chinese](#) | [Spanish](#) | [Vietnamese](#) | [Tagalog](#)  [Ipadala sa isang kaibigan](#)



Distrito ng Hangin, Bubuksan ang Mga Application para sa Programang People's Air Grant

\$3 milyon ang available para suportahan ang mga proyekto sa kalidad ng hangin at kalusugan ng publiko sa mga apektadong komunidad

Minamahal na Komunidad ng Bay Area,

Ikinalulugod ng Distrito ng Hangin na ianunsyo ang oportunidad para sa grant sa mga grupo sa komunidad, lokal na nonprofit na organisasyon sa ilalim ng 501(c)(3), mga pampublikong ahensya, at Mga Tribo ng Native American sa California para masuportahan ang mga proyekto sa mga apektadong komunidad na nakakabawas sa pagkakalantad sa polusyon sa hangin at tutugon sa mga epekto sa kalusugan ng publiko.

Ang Programang People's Air Grant ay mamamahagi ng pondo mula sa Pondo para sa Benepisyo ng Komunidad ng Distrito ng Hangin, na binuo sa pamamagitan ng isang beses na application na naaprubahan ng Lupon ng Mga Direktor. Ang mga pondong ito ay hindi galing sa pondo mula sa mga multa at magbibigay ng hanggang \$400,000 sa bawat organisasyon sa loob ng dalawang taon, na may maximum na \$200,000 bawat taon. Ang mga proyekto ay dapat nasa hurisdiksyon ng Bay Area na may siyam na county ng Distrito ng Hangin.

Makakakuha ng mga kwalipikadong proyekto ang anumang kombinasyon ng mga sumusunod na layunin:

- Magbigay ng kaalaman tungkol sa mga epekto sa kalusugan ng polusyon sa hangin at mga inisyatiba sa pagbabawas ng polusyon
- Magsagawa ng pagsubaybay sa kalidad ng hangin na pinapangunahan ng komunidad
- Suportahan ang mga resource at serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para mapabuti ang mga kahihinatnan sa kalusugan ng mga taong nakakaranas ng mga epekto sa kalusugan na nauugnay sa pagkakalantad sa polusyon sa hangin
- Magpatupad ng mga inisyatiba sa mitigation na idinisenyo para bawasan ang polusyon sa hangin o pagkakalantad rito para mabawasan ang mga hindi magandang resulta sa kalusugan

Tatanggap ng mga application hanggang Mayo 29, 2026 nang 5 PM Pacific Time. Para sa higit pang impormasyon at para mag-apply, mangyaring pumunta sa www.baaqmd.gov/peoplesairgrant.

Mahahalagang Petsa

Mga Webinar

- Martes, Marso 24, 2026 | 10 AM – Opsyonal na Webinar na Nagbibigay ng Impormasyon ([link sa pagpaparehistro](#))
- Huwebes, Abril 9, 2026 | 1 PM – Opsyonal na Webinar para sa Paghahanda ng Application ([Link sa Zoom](#))

Timeline ng Application

- Abril 17, 2026 | 5 PM – Nakatakdang ipasa ang lahat ng tanong tungkol sa application para sa grant
- Abril 30, 2026 | 5 PM – Ipo-post ang lahat ng sagot sa mga tanong tungkol sa application para sa grant
- Biyernes, Mayo 29, 2026 | 5 PM Pacific Time – Nakatakdang ipasa ang mga application para sa grant

Timeline ng Pagbibigay at Pagpapatupad

- Hulyo 2026 – Ipadalala ang Mga Abiso Tungkol sa Pagbibigay ng Grant
- Tag-init – Taglagas 2026 – Tapusin ang Mga Kasunduan sa Grant
- Enero 2027 – Enero 2029 – Termino ng Grant

Ire-record at ipo-post ang parehong webinar sa sumusunod na webpage, kasama ng mga tanong at sagot tungkol sa application para sa grant: www.baaqmd.gov/peoplesairgrant.

May available na kasabay na pag-interpret ng wika para sa mga webinar kapag hiniling nang hindi bababa sa 72 oras bago ang bawat event. Para sa pag-interpret, mangyaring makipag-ugnayan kay Lisa Flores sa lflores@baaqmd.gov o 415-749-4642.

Ang bersyon ng abisong ito at ang Kahilingan para sa Mga Application ay magiging available sa Spanish, Chinese, Tagalog, at Vietnamese sa sumusunod na webpage: www.baaqmd.gov/peoplesairgrant.

Para sa mga pangkalahatang tanong at tulong, makipag-ugnayan sa peoplesairgrant@baaqmd.gov.

Nagsisikap na protektahan ang kalusugan ng publiko, kalidad ng hangin, at pandaigdigang klima, Ang iyong Distrito ng Hangin

Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
(415) 749-4900 | 1-800-HELP-AIR | Email: feedback@baaqmd.gov



Ang email na ito ay ipinadala ng: Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area

Iginagalang namin ang iyong karapatan sa privacy. Mangyaring basahin ang aming [Patakaran sa Privacy](#).

[Makipag-ugnayan sa Amin](#) | [Mga Tuntunin ng Paggamit](#) | [Patakaran sa Privacy](#)